JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Masunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

4

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 5
## Pagbibigay Paksa sa Napakinggang Teksto



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat: Sheila Mae B. Senit**

**Editor:**

**Tagasuri: Myra Dacula; Dionesia T. Labura**

**Tagapagpamahala:**

Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
OIC, Schools Division Superintendent

Visminda Q. Valde, EdD
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Raymond M. Salvador, EdD, CESE
OIC, Assistant Schools DivisionSuperintendent

Juliet A. Magallanes, EdD
CID Chief

Florencio R. Caballero, DTE
EPS – LRMDS

Josephine L. Tomboc, EdD
EPS - Filipino



# Alamin

Sa modyul na ito, matutuhan mo ang pagbibigay paksa sa napakinggang teksto at pagbibigay kahulugan sa mga salita sa pamamagitan ng pormal na depinisyon.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Naibibigay ang paksa ng napakinggang teksto. **(F4PN-IVb-7)**
- Naibibigay ang kahulugan ng salita sa pamamagitan ng pormal na depinisyon ng salita. **(F4PT-IVc-1.10)**



# Balikan

Basahin ang salaysay

Si Beth ay isang mag-aaral. Magaling siyang sumayaw ngunit siya'y ***napakamahiyain***. Hindi alam ng kanyang mga guro't kaklase ang ***angkin*** niyang kakayahan dahil tahimik lang siya sa klase. Gusto sana niyang ibahagi ang kanyang talento subalit talagang nahihiya siyang magtaas ng kamay kapag nagtatanong ang kanilang guro kung sino ang nais sumali sa mga sayaw ng paaralan. Minsan, nasa ***silid tanghalan*** siya't naglilinis nang biglang tumutugtog ang isang paborito niyang kanta. Sumayaw siya nang buong ***husay*** dahil wala namang nakatingin sa kanya. Ang di niya alam nandoon sa likod ng ***tarangkahan*** ang kanilang guro at nakita siya. Pumalakpak ito nang matapos siya.

**A. Basahin ang sumusunod na tanong. Isulat ang inyong sagot sa sagutang papel.**

1. Sino ang magaling sumayaw?
 Sagot: ____________________________________________

2. Bakit di niya naibahagi ang kanyang talento?

Sagot: ______________________________________________

3. Paano natuklasan ng kanilang guro ang kanyang husay sa pagsayaw?

Sagot: ______________________________________________

4. Ano sa palagay mo ang gagawin ng guro matapos mapanood si Beth?

Sagot: ______________________________________________

5. Ano ang paksa ng salaysay?

Sagot: ______________________________________________

**B. Hanapin sa Hanay B ang kahulugan ng mga salita sa Hanay A basi sa salaysay na iyong binasa. Isulat ang inyong sagot sa sagutang papel.**

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| angkin | hindi nagpapakita ng talento sa ibang tao |
| silid tanghalan | Pasukan, pultahan o pintuan |
| husay | pagkakaroon ng talento |
| tarangkahan | magaling sa pagsayaw |
| mahiyain | Ginaganapan tuwing mayroong programa ang paaralan |



# Tuklasin

Basahin ng may pang-unawa ang seleksiyon sa ibaba. Sagutin ang mga katanungan at isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

> Rayang: Bal, kumusta naman ang iyong proyekto? Naipasa mo ba ito?
>
> Bal: Opo, inay, natuwa ang aking guro dahil maganda at kakaiba ang ginawa kong drowing na nagpapakita ng pagtulong ng mga kabataan sa kalinisan ng barangay.
>
> Bert : Ganyan nga, pag-iigihan ninyo ang inyong pag-aaral nang makapagtapos kayo at maabot ang inyong mga pangarap.

1. Ano ang pinag-uusapan ng mag-anak?
Sagot: ___________________________________

2. Ano ang kinuwento ni Bal tungkol sa kaniyang proyekto?
Sagot: ___________________________________

3. Ano ang paksa ng kanilang usapan?
Sagot: _________________________________



# Suriin

> Isa sa sukatan ng isang mabisang pakikinig ang pagtukoy sa **paksa o pangunahing-diwa** ng kuwento o seleksiyong napakinggan.
>
> Ang bawat akda, lalo na ang maikling kuwento ay may nakapaloob na **pangunahing diwa o paksa**. Sa pagkilala sa paksa/pangunahing diwa, mahalagang malaman ang tao o bagay at pangyayaring pinag-uusapan sa kuwento o alinmang akda.

Ang **paksa** ng isang kuwento ay tumutukoy sa kabuuang ideya, kaisipan o nilalaman nito. Dito umiikot ang kuwento. Ito ang nagsasaad kung ano ang ideyang pinagtutuunan ng pansin. Mahalaga ring lubusang maunawaan ang bawat talatang binabasa at maging ang mga salitang ginagamit o mga pormal na salita sa kwento upang lubos na maintindihan.

Ang **pormal na salita** ay mga salitang pamantayan dahil ito ay kinikilala, tinatanggap at ginagamit ng karamihang nakapag-aaral sa wika. Ito ay nakatutulong upang masuri ang mahalagang puntong nais palutangin dito.

**Narito ang ilang halimbawa**

**Basahin ang talata**

Pinagyaman ng mga Ifugao ang kanilang kabundukan. Binungkal nila ang gilid nito. Nakalikha sila ng makikitid na taniman sa paligid ng bundok. Parang hagdan patungo sa langit ang makikitid na taniman. Tinataniman nila ito ng palay. Ang hagdan-hagdang palayan ng mga Ifugao ay isang kahanga-kahangang tanawin.

1. Ano ang pinag-uusapan sa talata?
Sagot: **Ang pagyaman ng mga Ifugao sa kanilang kabundukan**

2. Ano ang nalikha ng mga Ifugao sa paligid ng bundok?
Sagot: **Makikitid na taniman**

3. Ano ang paksa ng kanilang usapan?
Sagot: **Ang hagdan-hagdang palayan ng mga Ifugao ay isang kahanga-hangang tanawin.**

**Narito pa ang isang talata. Basahin**

| |
|---|
| Matalino si Jose Rizal. Natuto siyang bumasa sa gulang na tatlong taon. Nagtapos siya ng edukasyong elementarya at sekundarya na nangunguna sa klase. Marami siyang kursong natapos. Nag-aral siya ng medisina, pagpipinta, paglililok at pagsulat. Naging matagumpay siya sa mga kursong ito. |

1. Sino ang pinag-uusapan sa talata?

Sagot: **Si Jose Rizal**

2. Ano-ano ang mga kursong natapos niya?

Sagot: **Medisina, pagpipinta, paglililok at pagsulat**

3. Ano ang paksa ng talata?

Sagot: **Ang talata ay nagsasabi tungkol sa katalinuhan ni Rizal.**



# Pagyamanin

Basahin at unawain ang mga talata at sagutin ang mga tanong. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

| |
|---|
| 1. Palabirong bata si Jonas. Bukod sa katangiang ito, mahilig pa siyang mangako. Hindi niya pinag-isipang mabuti ang mga salitang binibitawan niya kaya malimit siyang mapahiya. Kung hindi niya babaguhin ang ganitong pag-uugali, walang taong magtitiwala sa kanya. |

Ano ang paksa ng talata?

Sagot:______________________________________________________

____________________________________________________________

__________________________________________________________

Ano ang ibig sabihin ng salitang ***malimit*** sa talata?

Sagot:_______________________________________________

2. Ang Kagawaran ng Kalusugan (DOH) ay nagpaalala na sa karamihan kung anong dapat gawin at dapat tandaan upang covid 19 ay maiwasan: magsuot ng mask, maghugas ng kamay at huwag lumabas ng bahay kung walang importanteng gagawin ug bibilhin. Ito rin ay nagpahiwatig na ang gamot sa covid 19 ay patuloy paring pinag-aaralan.

Ano ang paksa ng talata?

Sagot: _______________________________________________________
_____________________________________________________________
______________________________________________________

Ano ang ibig sabihin ng salitang ***nagpahiwatig*** sa talata?

Sagot: _______________________________________________



# Isaisip

Ang mga tandaan upang matukoy ang paksa ng teksto:

- Ang **paks**a ng isang kuwento ay tumutukoy sa kabuuang ideya, kaisipan o nilalaman nito.
- Dito umiikot ang kuwento.

1. Ano ang paksa?

Ang paksa ng isang kuwento o usapan ay tumutukoy sa pangunahing _________ nais ____________ ng may-akda.

2. Paano mo maibibigay ang tamang paksa ng isang kuwento o usapan?

Maibibigay ang tamang paksa sa pamamagitan ng pagbasa at __________________ nito nang mabuti.



# Tayahin

Basahin ang bawat talata. Piliin ang paksa sa bawat talata. Isulat kung saang bahagi ng talata ang paksa.

1. Panganay si Andres Bonifacio sa anim na magkakapatid. Naulila sila noong 14 na taong gulang pa lamang. Gumawa siya ng paraan upang buhayin ang mga nakababatang kapatid. Gumawa at nagtinda sila ng mga abanikong papel at tungkod na kahoy. Pumasok siyang mensahero sa isang kumpanya. Naging ahente din siya sa iba namang kumpanya.

Ano ang paksa sa talata?

____________________________________________________________

2. Isinilang si Jose Rizal sa Calamba, Laguna noong Hulyo 19, 1861. Mayaman ang kanyang ama. Malawak ang kanyang taniman ng palay at tubo. Buhat sa mariwasang angkan ang kanyang ina. Mataas ang pinag-aralan nito. Si Jose Rizal ay tunay na mula sa nakaririwasang angkan.

Ano ang paksa sa talata?

____________________________________________________________



# Karagdagang Gawain

Para mas madagdagan pa ang iyong kaalaman ay basahin mo ang sumusunod na mga talata at sagutin ang mga katanungan batay sa hinihinging impormasyon.

Isa sa mga katangiang maipagmamalaki nating mga Pilipino ay ang mabuti nating pagtanggap sa mga panauhin. Kapag ang isang pamilya ay may inaasahang panauhin, bawat isa ay abala sa paghahanda. Sila'y naglilinis at nag-aayos ng kabahayan. Nagluluto ang pamilya ng masarap na pagkain at naghahanda ng maraming prutas at inumin. Pinagkakaabalahan din nila kung ano ang maipauuwing pasalubong ng panauhin.

Mga tanong:

1. Ayon sa talata, anong katangiang maipagmamalaking nating mga Pilipino?

2. Ano-ano ang ginagawa ng isang pamilyang Pilipino kung may inaasahang panauhin? Magbigay ng tatlo.

3. Ano ang paksa ng talata?

# Susi sa Pagwawasto

**BALIKAN**:

**A.**

1. Si Beth
2. Dahil siya ay mahiyain
3. Noong nakita niya itong sumayaw sa silid tanghalan habang ang guro ay nasa likod ng tarangkahan
4. Iimbethan o pasasalihin si Beth kung mayroon mang mga presentasyon sa paaralan
5. Ang pagiging magaling ni Beth sumayaw

**BALIKAN**

**B.**

1. angkin- pagkakaroon ng talent
2. silid tanghalan- ginaganapan tuwing mayroong programa ang paaralan
3. husay- magaling sa pagsayaw
4. tarangkahan- pasukan, pultahan o pintuan
5. mahiyain- hindi nagpapakita ng talento sa ibang tao.

**TUKLASIN:**

1. Tungkol sa proyekto ni Bal
2. Natuwa ang guro sa ipinakitang drowing dahil ito ay nagpapakita ng pagtulong sa mga kabataan

Ang pagpapasa ng proyekto na makakatulong sa pag-aaral ni Bal

**PAGYAMANIN:**

1. Ang pagkakaroon ng magadang ugali ay mahalaga upang mapagkatiwalaan ka ng tao.

Ang **malimit** ay nangangahulugang madalas o kadalasang ginagawa.

2. Paano maiiwasan ang Covid 19

**ISAISIP:**

1. DIWA O IDEYA IPAHIWATIG/IBAHAGI
2. PAG-UNAWA O PAG-INTINDI

**TAYAHIN:**

1. Ang pagiging mapamaraan at pursigidong tao ni Andres Bonifacio.
2. Ang pagkabiliang ni Jose Rizal sa maykaya o mariwasang angkan.

**KARAGDAGANG GAWAIN:**

1. ANG MABUTING PAGTANGGAP SA MGA PANAUHIN
2. NAGLILINIS AT NAG-AAYOS NG KABAHAYAN, NAGLULUTO NG MASARAP NA PAGKAIN AT PAGHAHANDA NG PASALUBONG
3. ANG PAGKAKAROON NG MAGANDANG KATANGIAN NG MGA PILIPINO SA PAGTANGGAP NG MGA PANAUHIN.

# Sanggunian


Amoyo, Melinda Lourdes. *Filipino 5: Modyul 8*. Philippines. *Ang pangunahing diwa*. Philippines.

Department of Education. *Filipino teachers' guide 4*. Philippines: Department of Education, 2016.

Department of Education. *Most essential learning competencies*. Philippines: Department of Education, 2020.